



PAMAKSANG PAGSUSURI SA MGA PILING “SPOKEN WORD POETRY” NI CARLO BONN HORNILLA: MUNGKAHING GABAY NG PAGTUTURO

Shiela A. Galorio

*University of Bohol
Tagbilaran City, Bohol, Philippines*

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito, na natapos sa taong panuruan 2024–2025, ay naglalayong masuri ang mga piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla gamit ang pormalistiko, sikolohikal, at sosyolohikal na perspektibo. Isinagawa ang pananaliksik upang matugunan ang kakulangan sa makabuluhang pagsusuri ng mga lokal na kontemporaryong akda sa kulturang popular at upang itaas ang antas ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino. Ginamit sa pananaliksik ang Input-Process-Output (IPO) Model bilang balangkas na konseptuwal at ginabayan ng mga teoryang Pampanitikang Pormalismo, Teoryang Sosyolohikal, Sikolohikal, Reader-Response, Cognitive Literary Theory, at Mimetic Criticism. Ang pag-aaral ay gumamit ng kuwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng *Convergent Parallel Mixed Method Design*. Nagsagawa ng sarbey at panunuring pampanitikan upang matukoy ang mga paksang nangingibabaw, simbolismo, at estilong ginamit sa mga piling akda ni Hornilla. Matapos ang pagsusuri, napag-alamang ang mga akda ni Hornilla ay tumatalakay sa mga isyung panlipunan, damdamin ng kabataan, at personal na karanasan na naipapahayag sa malikhaing paraan. Batay sa kabuuang antas ng pagtanggap, ang pamaksang pagsusuri ng mananaliksik sa mga piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla, na sumasaklaw sa pormalistiko, sikolohikal, at sosyolohikal na perspektibo, ay natuklasang “lubos na katanggap-tanggap” sa mga guro ng Filipino. Lumabas din sa estadistikang pagsusuri na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap sa pagsusuri batay sa edad, posisyon, bilang ng taon sa pagtuturo, baitang na tinuturuan, at antas ng edukasyon ng mga kalahok. Gayunpaman, natukoy ang estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap batay sa kasarian, na nagpapahiwatig na maaaring may impluwensya ang kasarian sa pagtanggap sa pagsusuri, samantalang ang iba pang demograpikong propayl ay hindi nagpakita ng

makabuluhang epekto. Batay sa mga natuklasan, ipinakita ng pag-aaral na ang pagsusuri sa mga piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla gamit ang pormalistiko, sikolohikal, at sosyolohikal na perspektibo ay lubos na tinanggap ng mga guro ng Filipino. Ang pagtanggap na ito ay nagpapahiwatig ng pagkilala sa kahalagahan at bisa ng ganitong uri ng pagsusuri sa pag-unawa sa lalim at kahulugan ng mga akda, partikular sa masining na paggamit ng wika, mga personal at moral na paniniwalang nakapaloob dito, at paglalarawan ng mga katotohanang panlipunan. Bagama't walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap batay sa karamihan ng propayl ng mga kalahok, ang natukoy na pagkakaiba batay sa kasarian ay nagmumungkahi na ang perspektiba ng kasarian ay maaaring makaapekto sa pagpapahalaga sa ganitong uri ng pagsusuri. Sa kabuuan, ang positibong pagtanggap ay nagpapatibay sa potensyal ng *spoken word poetry* bilang makabuluhang materyal sa pagtuturo at pag-aaral ng Filipino na nag-uugnay sa personal na karanasan, artistikong pagpapahayag, at kamalayang panlipunan. Bilang resulta, nakabuo ang mananaliksik ng mungkahing gabay sa pagtuturo na maaaring gamitin ng mga guro upang higit na maging epektibo ang pagpapakilala at pagpapaunawa ng *spoken word poetry* sa mga mag-aaral.

Keywords: *Spoken Word Poetry, Panunuring Pampanitikan, Pormalistiko, Sikolohikal, Sosyolohikal, Carlo Bonn Hornilla, Kulturang Popular, Panitikang Pilipino*

INTRODUCTION

Ang panitikan ay patuloy na nagbabago kasabay ng pagbabago ng lipunan, wika, kultura, at paraan ng pagpapahayag. Sa pag-usbong ng mga makabagong anyo ng panitikan, naging bahagi ng kulturang popular ang *spoken word poetry*, isang anyong pampanitikan na hindi lamang binabasa kundi itinatanghal at binibigyang-buhay sa pamamagitan ng tinig, ritmo, emosyon, at malikhaing paggamit ng wika. Inilarawan nina Walker at Kuykendall (2005) ang *spoken word* bilang isang makapangyarihang anyo ng komunikasyon, samantalang binigyang-diin ni North (2008) na bagama't maaaring nakasulat ang piyesa, idinisenyo ito para sa pagtatanghal sa harap ng madla, kung saan nagiging mahalagang bahagi ang ritmo, pagbigkas, tugmaan, *word play*, at iba pang malikhaing paraan ng pagpapahayag. Sa konteksto ng Pilipinas, ang paglaganap ng *spoken word poetry* ay naging bahagi ng patuloy na modernisasyon ng panitikan at ng pag-usbong ng mga bagong paraan ng pagpapahayag na higit na nakaaabot sa kontemporaryong tagapakinig.

Higit sa pagiging isang anyo ng pagtatanghal, nagiging daluyan ang *spoken word poetry* ng personal at panlipunang karanasan. Sa pagtalakay nito sa damdamin, pananaw, pagpapahalaga, at mga usaping kinakaharap ng lipunan, nagkakaroon ito ng puwang upang maiugnay ang panitikan sa aktuwal na karanasan ng mga tagapakinig. Ayon kina Walker at Kuykendall (2005), maaaring lumampas ang komunikasyong hatid ng *spoken word poetry* sa kulturang pinagmulan ng makata at maging paraan upang mamulat ang isang henerasyon sa mga suliranin ng kanilang pamayanan, bansa, at daigdig. Kaugnay nito, itinuring ni Camangian (2008) ang *spoken word poetry* bilang espasyo para sa malikhain at masiglang paghahangad ng katarungang panlipunan. Dahil

dito, ang ganitong uri ng panitikan ay hindi lamang nagsisilbing libangan kundi maaaring maging daluyan ng mga kaisipan at usaping nangangailangan ng masusing pagbasa at pagsusuri.

Kabilang sa mga kontemporaryong makatang Pilipinong gumagamit ng ganitong anyo si Carlo Bonn Hornilla, na nakilala sa pagsusulat at pagtatanghal ng mga piyesang gumagamit ng Filipino bilang pangunahing midyum. Ang kanyang mga akda ay nakilala sa iba't ibang *social media platform* at tumatalakay sa mga karanasan at kalagayang panlipunang malapit sa interes ng kontemporaryong tagapakinig. Inilalarawan sa mga umiiral na materyal ang kanyang mga piyesa bilang gumagamit ng emosyon, malikhaing wika, metapora, simbolismo, at imahen, gayundin ng mga paksang may kaugnayan sa mga realidad at suliraning panlipunan. Ang ganitong katangian ng kanyang mga akda ang nagbibigay ng mahalagang batayan upang suriin ang *spoken word poetry* hindi lamang ayon sa lantad na mensahe nito kundi ayon din sa pagkakabuo ng teksto, paniniwala at pagpapahalagang nakapaloob dito, at mga katotohanan at pananagutang panlipunang inilalarawan nito.

Sa pagsusuring pampanitikan, mahalaga ang paggamit ng mga dulong na nagbibigay-daan upang mapalalim ang pagbasa sa iba't ibang dimensiyon ng isang akda. Sa pormalistikong pagsusuri, binibigyang-pansin ang mismong teksto at ang ugnayan ng mga elementong bumubuo rito. Ayon kay Salas (2013, gaya ng binanggit sa Daza, 2021), nakatuon ang pormalistikong pagsusuri sa paraan ng pagkakabuo ng akda, pagpili ng mga salita at wikang ginamit, at iba't ibang kabuluhang nalilikha ng mga ito. Sa ganitong pananaw, nagiging mahalaga ang pagsusuri sa paksa, persona, tagpuan, at simbolismo upang matukoy kung paano nabubuo at naipahahayag ang kabuuang diwa ng isang piyesa. Ang simbolismo, partikular, ay nakatutulong sa pagpapalalim ng damdamin at kaisipang ipinahahayag ng akda at maaaring magbukas ng higit sa isang antas ng pagpapakahulugan (Catigbe et al., 2024).

Hindi naman nalilimitahan sa anyo at estruktura ang maaaring pagdalumat sa *spoken word poetry*. Sa sikolohikal na pagsusuri, nabibigyang-pansin ang mga paniniwala, damdamin, pagpapahalaga, at iba pang aspektong maaaring mahinuha sa teksto. Ipinaliwanag ni Gorumba (2019) na ang sikolohikal na pagsusuri ay nakatuon sa isip, damdamin, personalidad, kilos, at kaisipang masasalamain sa isang akdang pampanitikan. Kaugnay nito, ang moralistikong pananaw ay kumikilala sa kakayahan ng panitikan na maglahad ng mga pagpapahalaga at katotohanang may kaugnayan sa karanasan ng tao (Robante et al., 2023). Samantala, sa sosyolohikal na pagsusuri, ang panitikan ay inuunawa kaugnay ng buhay panlipunan at pakikipag-ugnayan ng mga tao, grupo, at institusyon (Gorumba, 2019). Mahalaga ang ganitong lapit sa mga piyesang tumatalakay sa mga suliranin at realidad ng lipunan sapagkat nagiging posible ang pagsusuri sa katotohanang panlipunan at pananagutang panlipunang nakapaloob sa akda.

May mahalagang implikasyon din ang ganitong pagsusuri sa pagtuturo ng panitikan. Ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na may mga mag-aaral na nahihirapan sa masusing pagsusuri at pag-unawa sa mga akdang pampanitikan, partikular sa tula.

Sa pag-aaral na iniulat ni Angel (2019), halimbawa, natukoy sa naunang pananaliksik nina Ballore (2026) ang kahinaan ng ilang mag-aaral sa pagsusuri ng maikling kuwento at tula. Katulad nito, iniulat ni Suico (2016, gaya ng binanggit sa Angel, 2019) ang kakulangan ng sapat na kakayahan ng maraming mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Ipinahihiwatig ng mga ito ang pangangailangan sa mga estratehiya at kagamitang makatutulong upang maging mas malinaw, makahulugan, at kawili-wili ang pagtalakay sa panitikan. Natuklasan nina Dhillon at Mogan (2014) na mahalaga ang pagbuo ng makabuluhang gawaing nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong malikhaing makipag-ugnayan sa teksto, habang binibigyang-diin din ang mahalagang papel ng guro at ng estratehiyang ginagamit nito sa pagkatuto ng panitikan.

Sa ganitong konteksto, maaaring maging kapaki-pakinabang na materyal sa pagtuturo ang mga kontemporaryong anyo tulad ng *spoken word poetry*. Natuklasan ni Michalko (2012, gaya ng binanggit sa Dela Torre, 2019) na ang paggamit ng *spoken word poetry* sa silid-aralan ay may kaugnayan sa pagpapaunlad ng tinig sa pagsulat at maaaring makatulong sa pagtiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagtatanghal at pagsusuri. Binibigyang-diin din ni Angel (2019) ang halaga ng angkop na kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral, lalo na sa pagsusuri ng mga akdang tulad ng tula. Dahil dito, ang sistematikong pagsusuri sa mga kontemporaryong piyesa ay maaaring magsilbing batayan hindi lamang sa pag-unawa sa mga akda kundi sa pagbuo rin ng materyal na magagamit ng mga guro sa Filipino.

Bagama't kinikilala ang paglaganap ng *spoken word poetry* at ang potensiyal nito bilang kontemporaryong akdang pampanitikan, tinukoy sa kasalukuyang pag-aaral ang pangangailangan para sa mas malalim na pagsusuri sa mga tiyak na paksa, simbolismo, paniniwala, pagpapahalaga, at dimensiyong panlipunan ng mga piling akda ni Carlo Bonn Hornilla. Mahalaga rin ang pag-uugnay ng naturang pagsusuri sa aktuwal na konteksto ng pagtuturo, lalo't kinakailangang magkaroon ang mga guro ng mga paraan at kagamitang makatutulong sa mga mag-aaral na maunawaan at masuri ang mga kontemporaryong lokal na akda. Sa gayon, hindi lamang ang mismong akda ang binibigyang-pansin kundi maging ang posibilidad nitong magamit bilang lunsaran sa mas makabuluhang pagtuturo ng panitikan.

Bunga nito, isinagawa ang pag-aaral upang pamaksang suriin ang mga piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla sa paraang pormalistiko, sikolohikal, at sosyolohikal bilang batayan sa pagmumungkahi ng gabay sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Partikular na sinuri sa pormalistikong aspekto ang paksa, persona, tagpuan, at simbolismo; sa sikolohikal na aspekto ang paniniwala at pagpapahalagang moral; at sa sosyolohikal na aspekto ang katotohanang panlipunan at pananagutang panlipunan. Tinukoy din ang propayl ng mga kalahok, antas ng kanilang pagtanggap sa isinagawang pagsusuri, pagkakaiba sa pagtanggap batay sa kanilang propayl, at kanilang mga pananaw hinggil sa pagsusuri. Pinagsama ang mga aspektong ito upang magsilbing batayan sa pagbuo ng mungkahing gabay na maaaring magamit sa pagtuturo at pagsusuri ng *spoken word poetry* sa asignaturang Filipino.

Research Questions

Ang pag-aaral na ito ay naglayong pamaksang suriin ang mga piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla sa paraang pormalistiko, sikolohikal, at sosyolohikal noong taong panuruan 2024–2025. Ang naturang resulta ay nagsilbing batayan sa pagmumungkahi ng isang gabay sa pagtuturo sa asignaturang Filipino.

Bilang pagtataguyod sa pag-aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang propayl ng mga kalahok sa pag-aaral batay sa sumusunod:
 - 1.1 Gulang;
 - 1.2 Kasarian;
 - 1.3 Posisyon;
 - 1.4 Distritong Kinabibilangan sa Paaralang Tinuturuan;
 - 1.5 Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino;
 - 1.6 Baitang na Tinuturuan; at
 - 1.7 Pinakamataas na antas ng edukasyong natapos?
2. Ano ang inilalahad ng may-akda sa kanyang piling spoken word poetry batay sa mga sumusunod:
 - 2.1 Pormalistiko
 - 2.1.1 Paksa;
 - 2.1.2 Persona;
 - 2.1.3 Tagpuan ; at
 - 2.1.4 Simbolismo?
 - 2.2 Sikolohikal
 - 2.2.1 Paniniwala at
 - 2.2.2 Pagpapahalagang Moral?
 - 2.3 Sosyolohikal
 - 2.3.1 Katotohanang Panlipunan at
 - 2.3.2 Pananagutang Panlipunan?
3. Sa anong antas ng pagtanggap ng mga guro sa Filipino napabilang ang ginawang pagsusuri ng mananaliksik?
4. Nagkaroon ba ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga kalahok at ang kanilang propayl?
5. Ano ang pananaw ng mga kalahok sa ginawang pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni Carlo Bonn Hornilla?
6. Anong gabay ng pagtuturo ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pananaliksik?

METHODOLOGY

Research Design

Gumamit ang pag-aaral ng Convergent Parallel Mixed Method Design, kung saan sabay na isinagawa ang pangangalap ng kwantitatibo at kwalitatibong datos,

magkahiwalay na sinuri ang mga ito, at pagkatapos ay pinaghambing at pinag-ugnay upang makabuo ng mas komprehensibong interpretasyon. Sa kwantitatibong sangay, sinuri ang propayl ng mga kalahok at ang antas ng kanilang pagtanggap sa isinagawang pagsusuri sa mga piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla. Sa kwalitatibong sangay, sinuri ang mga napiling piyesa sa pamamagitan ng *content analysis* gamit ang pormalistiko, sikolohikal, at sosyolohikal na mga pananaw, gayundin ang mga pananaw ng piling kalahok hinggil sa ginawang pagsusuri. Pinag-ugnay ang mga natuklasan mula sa dalawang sangay upang matukoy ang mga pagkakatumag at pagkakaiba ng mga resulta at magsilbing batayan sa pagbuo ng mungkahing gabay sa pagtuturo.

Research Environment

Isinagawa ang pag-aaral sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa tatlong distrito ng Ubay, Bohol—Ubay 1, Ubay 2, at Ubay 3. Saklaw ng tatlong distrito ang 15 pampublikong sekondaryang paaralan na may Junior at Senior High School. Kabilang sa Ubay 1 ang Ubay National Science High School, Pedro O. Boncales National High School, Tapal Integrated School, Camambugan National High School, at Erico B. Aumentado High School. Sa Ubay 2 naman kabilang ang Biabas Trade High School, Union National High School, Cagting National High School, Tipolo High School, at Tintinan Integrated High School. Binubuo naman ang Ubay 3 ng Bulilis National High School, Don Aguedo Reyes Maboloc Memorial National High School, Hambabauran High School, Ricardo O. Boyles National High School, at San Pascual National Agricultural High School.

Research Participants

Sa kwantitatibong sangay, ang mga kalahok ay mga lisensyadong guro na nagtuturo ng Filipino sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa tatlong distrito ng Ubay. Mula sa populasyong 50 guro, 45 ang aktuwal na lumahok sa pag-aaral. Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng *purposive sampling* batay sa itinakdang pamantayan sa pagpili. Samantala, sa kwalitatibong sangay, 10 kalahok mula sa tatlong distrito ang naging bahagi ng pag-aaral.

Talananayan 1.
Pamamahagi ng Kalahok

Kalahok		N	n
Distrito ng Ubay 1	Ubay National Science High School	4	4
	Camambugan National High School	4	4
	Erico B. Aumentado High School	4	3
	Pedro O. Boncales National High School	3	3
	Tapal Integrated School	2	1
Distrito ng Ubay 2	Biabas Trade High School	5	5
	Tintinan Integrated High School	1	1
	Union National High School	4	4
	Tipolo High School	2	1
	Cagting National High School	4	4
Distrito ng Ubay 3	Bulilis National High School	3	3
	Hambabauran High School	1	1
	Don Aguedo Reyes Maboloc Memorial National High School	4	3

	Ricardo O. Boyles National High School	4	4
	San Pascual National Agricultural High School	5	4
	Kabuuang Bilang ng Kalahok	50	45

Research Instrument

Ang pag-aaral ay gumamit ng tatlong pangunahing instrumento. Una, ginamit ang anim (6) na piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla bilang materyal sa pagsusuri. Pinili ang mga piyesa batay sa itinakdang pamantayan: (1) may hindi bababa sa 100,000 na manonood sa YouTube; (2) orihinal na akda ni Carlo Bonn Hornilla; at (3) pangunahing gumagamit ng wikang Filipino. Ginamit ang *analysis matrix* na binuo ng mananaliksik sa pagsusuri ng mga napiling akda.

Talahanayan 2. Propayl ng mga Napiling Spoken Word Poetry ni Carlo Bonn Hornilla

Pamagat	Sanggunian sa YouTube	Petsa ng Paglimbag	Bilang ng Nanonood
Adik sa Bato	https://bit.ly/40RJylc by Ampalaya Monologues	Mayo 10,2018	10.8M
Mga Kuwento ni Carlo Bonn Hornilla- First Date	https://bit.ly/3Zdor1W by OnCure New Media	Setyembre 23,2019	2.2M
"EJK or ABCD"	https://bit.ly/4fQ0vXK by Youtube (thegreatella,2017)	Agosto 19,2017	647K
Exodus	https://bit.ly/3Zb14Ge by OnCure New Media	Oktubre 17, 2019	409K
Dalawang Persona ng Babalikan Kita	https://bit.ly/3CAY7ps by Youtube (OrangeRaven)	Pebrero 21, 2019	319K
Yero	https://bit.ly/4hRG9PJ by Ampalaya Monologues	Oktubre 29,2019	187K

Sanggunian: YouTube.com

Petsa: Nobyembre 19,2024

Ikalawa, gumamit ng talatanungang binuo ng mananaliksik upang makuha ang propayl ng mga kalahok at masukat ang kanilang antas ng pagtanggap sa pormalistiko, sikolohikal, at sosyolohikal na pagsusuri. Ang instrumento ay sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto at *pilot testing*, at ginamitan ng Cronbach's Alpha upang matukoy ang pagiging maaasahan nito.

Ikatlo, gumamit ng kwalitatibong gabay na tanong para sa malalimang panayam upang makuha ang mga pananaw ng mga kalahok hinggil sa isinagawang pagsusuri sa mga piling *spoken word poetry*.

Research Procedure

Nagsimula ang pangangalap ng datos sa pagtukoy at pagpili ng mga *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla mula sa mga pampublikong online platform, partikular sa YouTube. Matapos ang paunang pagbasa at pagsasala batay sa itinakdang pamantayan, pinili ang anim na piyesa at isinangguni ang mga ito sa tagapayo at lupon ng tagapagsusulit. Isinagawa pagkatapos ang *content analysis* ng mga napiling akda gamit ang pormalistiko, sikolohikal, at sosyolohikal na pagsusuri.

Kasunod nito, inihanda at ipinasuri ang researcher-made questionnaire sa mga eksperto at isinailalim sa *pilot testing* sa mga hindi kabilang sa pangunahing kalahok. Pagkatapos makuha ang kinakailangang pahintulot mula sa mga kinauukulan at kalahok, ipinamahagi nang *hard copy* ang talatanungan sa mga gurong kwalipikadong lumahok. Ipinaliwanag sa kanila ang layunin ng pag-aaral at paraan ng pagsagot bago kolektahin at suriin ang mga nakumpletong instrumento.

Isinagawa rin ang kwalitatibong pangangalap ng datos sa 10 kalahok upang makuha ang kanilang mas malalim na pananaw tungkol sa ginawang pagsusuri. Pagkatapos ng magkahiwalay na pagsusuri sa kwantitatibo at kwalitatibong datos, pinag-ugnay at pinaghambing ang mga natuklasan alinsunod sa convergent parallel design. Ginamit ang pinagsamang resulta bilang batayan sa pagtukoy ng mga aralin sa Filipino na maaaring lapatan ng pagsusuri at sa pagbuo ng mungkahing gabay sa pagtuturo.

Isinailalim ang pag-aaral sa mga itinakdang prosesong pang-etika ng Pamantasan ng Bohol. Ipinaalam sa mga kalahok ang layunin at proseso ng pag-aaral, boluntaryong katangian ng kanilang paglahok, at kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang kaparusahan. Pinanatiling kumpidensiyal ang mga datos sa pamamagitan ng paggamit ng mga coded identifier at angkop na pag-iingat sa nakalap na impormasyon. Ang mga napiling *spoken word poetry* ay nagmula sa mga pampublikong video sa YouTube at itinuring na sekondaryang mapagkukunan ng tekstuwal na datos. Ang pagsagot sa sarbey ay tinatayang tumagal nang 15-20 minuto, samantalang ang kwalitatibong pakikipanayam ay maaaring umabot nang hindi bababa sa isang oras.

Data Analysis

Ginamit ang mean upang matukoy ang antas ng pagtanggap ng mga kalahok sa isinagawang pagsusuri sa mga piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla. Ginamit naman ang standard deviation upang masukat ang pagkakaiba-iba o pagkalat ng mga tugon mula sa kanilang mean. Ang interpretasyon ng mean ay ibinatay sa apat na puntong Likert scale: 3.26–4.00 bilang *Lubos na Katanggap-tanggap*, 2.51–3.25 bilang *Katanggap-tanggap*, 1.76–2.50 bilang *Hindi Katanggap-tanggap*, at 1.00–1.75 bilang *Lubos na Hindi Katanggap-tanggap*.

Para sa kwalitatibong bahagi, ginamit ang content analysis sa sistematikong pagsusuri sa anim na piling *spoken word poetry* ayon sa pormalistiko, sikolohikal, at sosyolohikal na mga dimensiyon. Ang kwantitatibo at kwalitatibong resulta ay pagkatapos na pinaghambing at pinag-ugnay bilang bahagi ng convergent parallel mixed-method

approach upang makabuo ng pinagsamang interpretasyon at batayan para sa mungkahing gabay sa pagtuturo.

Talahanayan 3. Likert Scale for Level of Acceptability

Scale	Descriptive Equivalent (Level of Acceptability)	Average Weighted Mean Range
4	Lubos na Katanggap-tanggap	3.26-4.00
3	Katanggap-tanggap	2.51- 3.25
2	Hindi Katanggap-tanggap	1.76-2.50
1	Lubos na Hindi Katanggap- tanggap	1.00-1.75

RESULTS

Inilalahad sa bahaging ito ang mga resulta ng pag-aaral batay sa mga datos na nakalap mula sa mga kalahok. Nakapangkat ang mga resulta ayon sa kwantitatibo, kwalitatibo, at pinagsamang pamamaraan, kabilang ang propayl ng mga kalahok, antas ng pagtanggap, mga pananaw sa pagsusuri ng mga piling *spoken word poetry*, at pinagsamang resulta ng pag-aaral.

Talahanayan 4. Ang Mga Nailahad Sa Mga Piling Spoken Word Poetry Batay Sa Napaloob Na Paksa Sa Pormalistikong Pagsusuri

Piling Spoken Word Poetry	Mga Nailahad Na Sangkap Batay Sa Napapaloob Na Paksa Sa Pormalistikong Pagsusuri
1. Adik sa Bato	Paksa. Pagkaadik sa isang tao na maihalintulad sa paggamit ng "bato" (droga)
2. EJK or ABCD	Paksa. Extra-Judicial Killings sa Pilipinas , "War on Drugs"
3. Exodus	Paksa. Sapilitang pagpapaalis sa sariling lugar na kinalalakihan
4. Mga Kuwento ni Carlo Bonn Hornilla-First Date	Paksa. Karanasan ng unang pagtatagpo o date
5. Dalawang Persona na Babalikan Kita	Paksa. Ang magulong emosyon o damdamin matapos ang hiwalayan
6. Yero	Paksa. Isang kritika sa kalagayan ng pulitika at lipunan sa Pilipinas

Ipinakikita sa Talahanayan 4 na ang mga paksa ng mga piling tula ay nakatuon sa personal at panlipunang karanasan. Ang ilan ay tumatalakay sa pag-ibig, pagkahumaling, at paghihiwalay, samantalang ang iba ay nagpapakita ng mga usapin hinggil sa ekstrahudisyal na pagpatay, sapilitang pagpapaalis, kahirapan, at kalagayang pampulitika.

Talahanayan 5. Ang Mga Nailahad Sa Mga Piling Spoken Word Poetry Batay Sa Napaloob Na Persona Sa Pormalistikong Pagsusuri

Piling Spoken Word Poetry	Mga Nailahad Na Sangkap Batay Sa Napaloob Na Persona Sa Pormalistikong Pagsusuri
1. Adik sa Bato	Persona. Isang lalaking labis na nahuhumaling sa isang babae
2. EJK or ABCD	Persona. Isang galit, dismayado, at mapanuring indibidwal
3. Exodus	Persona. Isang galit, nag-aalala at mapanuring indibidwal
4. Mga Kuwento ni Carlo Bonn Hornilla-First Date	Persona. Isang lalaking nagbabalik-tanaw sa kanyang first date
5. Dalawang Persona na Babalikan Kita	Persona. Isang nasaktang indibidwal na nakakaranas ng matinding pagkalito
6. Yero	Persona. Isang ordinaryong mamamayan na nagkakaroon ng isang panaginip

Makikita sa Talahanayan 5 na ang mga persona ay umaayon sa personal at panlipunang katangian ng bawat piyesa. Ang ilan ay kumakatawan sa mga indibidwal na nakakaranas ng pag-ibig, sakit, at pagkalito, samantalang ang iba ay nagsisilbing mapanuring tinig sa mga suliraning panlipunan at pampulitika.

Talahanayan 6. Ang Mga Nailahad Sa Mga Piling Spoken Word Poetry Batay Sa Napaloob Na Tagpuan Sa Pormalistikong Pagsusuri

Piling Spoken Word Poetry	Mga Nailahad Na Sangkap Na Tagpuan Batay Sa Pormalistikong Pagsusuri
1. Adik sa Bato	Tagpuan. Palyocan West, Batangas City
2. EJK or ABCD	Tagpuan. Ang Pilipinas
3. Exodus	Tagpuan. Tarlac
4. Mga Kuwento ni Carlo Bonn Hornilla-First Date	Tagpuan. Eskwela o paaralan
5. Dalawang Persona na Babalikan Kita	Tagpuan. Isang lugar ng alaala
6. Yero	Tagpuan. Isang maralitang pamayanan o iskwater

Ipinakikita sa Talahanayan 6 na ang mga tagpuan ng mga piling akda ay sumasaklaw sa tiyak na lugar, panlipunang espasyo, at simbolikong kalagayan. Kabilang dito ang Palyocan West, Pilipinas, Tarlac, at paaralan, habang ang *Dalawang Persona na Babalikan Kita* ay gumagamit ng isang lugar ng alaala bilang emosyonal na tagpuan at ang *Yero* naman ay nakasentro sa maralitang pamayanan bilang larawan ng kahirapan at kalagayang panlipunan.

Talahanayan 7. Ang Mga Nailahad Sa Mga Piling Spoken Word Poetry Batay Sa Napaloob Na Simbolismo Sa Pormalistikong Pagsusuri

Piling Spoken Word Poetry	Mga Nailahad Na Sangkap Na Simbolismo Batay Sa Pormalistikong Pagsusuri
1. Adik sa Bato	Simbolismo. Bato (Stone/Rock)
2. EJK or ABCD	Simbolismo. Simbolismong bala at droga
3. Exodus	Simbolismo. Gintong baka
4. Mga Kuwento ni Carlo Bonn Hornilla-First Date	Simbolismo. Unang date
5. Dalawang Persona na Babalikan Kita	Simbolismo. Pawikan
6. Yero	Simbolismo. Yero

Makikita sa Talahanayan 7 na ang bawat akda ay gumagamit ng natatanging simbolismo upang palalimin ang pangunahing mensahe nito. Ang bato ay kumakatawan sa matinding pagkahumaling; bala at droga sa karahasan at kampanya laban sa droga; gintong baka sa huwad na kaunlaran; unang pakikipagtipan sa inosenteng pag-ibig at pagkatuto; pawikan sa pagbabalik sa nakaraan; at yero sa kahirapan at kalagayan ng maralitang mamamayan.

Talahanayan 8.

Ang Mga Nailahad Sa Mga Piling Spoken Word Poetry Batay Sa Napaloob Na Paniniwala Sa Sikolohikal Na Pagsusuri

Piling Spoken Word Poetry	Mga Nailahad Na Sangkap Ng Paniniwala Batay Sa Sikolohikal Na Pagsusuri
1. Adik sa Bato	Paniniwala. Pagpapahalaga sa pamilya at komunidad
2. EJK or ABCD	Paniniwala. Pagkilala sa karapatang pantao at pagtaguyod ng makatarungang lipunan
3. Exodus	Paniniwala. Pagpapahalaga sa kalikasan at lupaing ninuno
4. Mga Kuwento ni Carlo Bonn Hornilla – First Date	Paniniwala. Paniniwala sa pagmamahal bilang isang tapat na damdamin
5. Dalawang Persona na Babalikan Kita	Paniniwala. Pagpapatawad at pagpapatuloy
6. Yero	Paniniwala. Paniniwala sa pagkakapantay-pantay at Karapatan ng masa

Ipinakikita sa Talahanayan 8 na ang mga paniniwalang nakapaloob sa mga piling akda ay sumasaklaw sa personal, pampamilya, at panlipunang pagpapahalaga. Lumitaw ang pagpapahalaga sa pamilya, pag-ibig, at pagpapatawad, gayundin ang pagkilala sa karapatang pantao, kalikasan at lupaing ninuno, pagkakapantay-pantay, at karapatan ng masa.

Talahanayan 9.

Ang Mga Nailahad Sa Mga Piling Spoken Word Poetry Batay Sa Napaloob Na Pagpapahalagang Moral Sa Sikolohikal Na Pagsusuri

Piling Spoken Word Poetry	Mga Nailahad Na Sangkap Ng Pagpapahalagang Moral Batay Sa Sikolohikal Na Pagsusuri
1. Adik sa Bato	Pagpapahalagang Moral. Tapat na pagmamahal
2. EJK or ABCD	Pagpapahalagang Moral. Karapatang pantao
3. Exodus	Pagpapahalagang Moral. Paggalang sa karapatang pantao
4. Mga Kuwento ni Carlo Bonn Hornilla – First Date	Pagpapahalagang Moral. Pagpapahalaga sa tunay na pag-ibig
5. Dalawang Persona na Babalikan Kita	Pagpapahalagang Moral. Pagpapahalaga sa sarili at emosyon
6. Yero	Pagpapahalagang Moral. Pagkakaisa

Makikita sa Talahanayan 9 ang mga pagpapahalagang moral na nailahad sa anim na piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla batay sa sikolohikal na pagsusuri. Lumitaw sa mga akda ang tapat na pagmamahal, karapatang pantao, paggalang sa karapatang pantao, pagpapahalaga sa tunay na pag-ibig, pagpapahalaga sa sarili at

emosyon, at pagkakaisa. Ipinakikita ng mga ito ang iba't ibang pagpapahalagang nakapaloob sa karanasan, damdamin, at pananaw na inilalahad sa bawat akda.

Talahanayan 10.

Mga Nailahad sa mga Piling Spoken Word Poetry Batay sa Napaloob na Katotohanang Panlipunan sa Sosyolohikal na Pagsusuri

Piling Spoken Word Poetry ni Carlo Bonn Hornilla	Katotohanang Panlipunang Napaloob sa mga Akda Batay sa Sosyolohikal na Pagsusuri
1. Adik sa Bato	Katotohanang Panlipunan: Stalking at obsesyon sa pag-ibig
2. EJK or ABCD	Katotohanang Panlipunan: Kawalan ng hustisya at aksyon ng pamahalaan
3. Exodus	Katotohanang Panlipunan: Pagpapaalis sa mga katutubo
4. Mga Kuwento ni Carlo Bonn Hornilla–First Date	Katotohanang Panlipunan: Pagbabago ng teknolohiya
5. Dalawang Persona na Babalikan Kita	Katotohanang Panlipunan: Siklo ng pag-ibig, pagkamuhi at hindi pagtanggap sa paghihiwalay
6. Yero	Katotohanang Panlipunan: Kahirapan, katiwalian sa politika, at kawalan ng tunay na pagbabago sa sistema ng gobyerno

Ipinakikita sa Talahanayan 10 na ang mga piling akda ay naglalahad ng magkakaibang katotohanang panlipunan, mula sa obsesyon sa pag-ibig at pagbabago ng teknolohiya hanggang sa kawalan ng hustisya, pagpapaalis sa mga katutubo, kahirapan, at katiwalian sa politika. Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga akda ay hindi lamang nakatuon sa personal na karanasan kundi sumasalamín din sa mga suliranin at pagbabagong umiiral sa lipunan.

Talahanayan 11.

Mga Nailahad sa mga Piling Spoken Word Poetry Batay sa Napaloob na Pananagutang Panlipunan sa Sosyolohikal na Pagsusuri

Piling Spoken Word Poetry ni Carlo Bonn Hornilla	Pananagutang Panlipunang Napaloob sa mga Akda Batay sa Sosyolohikal na Pagsusuri
1. Adik sa Bato	Pananagutang Panlipunan: Pagsunod sa tradisyon
2. EJK or ABCD	Pananagutang Panlipunan: Pananagutan sa pagtatanggol ng karapatan
3. Exodus	Pananagutang Panlipunan: Pananagutan sa paninindigan
4. Mga Kuwento ni Carlo Bonn Hornilla–First Date	Pananagutang Panlipunan: Pananagutan sa pagpapahalaga ng relasyon
5. Dalawang Persona na Babalikan Kita	Pananagutang Panlipunan: Pananagutan sa pagtanggap ng pagkatalo
6. Yero	Pananagutang Panlipunan: Pananagutan sa pagpapahalaga sa karapatan

Makikita sa Talahanayan 11 na ang mga pananagutang panlipunang nakapaloob sa mga akda ay sumasaklaw sa pagsunod sa tradisyon, pagtatanggol at pagpapahalaga sa karapatan, paninindigan, pagpapahalaga sa relasyon, at pagtanggap sa pagkatalo. Ipinakikita ng mga ito ang pananagutan ng indibidwal kapwa sa personal na ugnayan at sa kaniyang pakikilahok sa mas malawak na lipunan.

Talahanayan 12.
Propayl ng mga Kalahok Batay sa Gulang

Gulang	Frequency	Percent	Valid Percent	Cumulative Percent
20–25 taong gulang	1	2.2	2.2	2.2
26–31 taong gulang	25	55.6	55.6	57.8
32–37 taong gulang	12	26.7	26.7	84.4
38 taong gulang at pataas	7	15.6	15.6	100.0
Kabuuan	45	100.0	100.0	

Ipinakikita sa Talahanayan 12 na karamihan sa mga kalahok ay nasa gulang na 26–31 taon (55.6%), sinundan ng 32–37 taon (26.7%), 38 taong gulang at pataas (15.6%), at 20–25 taon (2.2%). Samakatuwid, higit sa kalahati ng mga kalahok sa pag-aaral ay kabilang sa pangkat na 26–31 taong gulang.

Talahanayan 13.
Propayl ng mga Kalahok Batay sa Kasarian

Kasarian	Frequency	Percent	Valid Percent	Cumulative Percent
Lalaki	8	17.8	17.8	17.8
Babae	37	82.2	82.2	100.0
Kabuuan	45	100.0	100.0	

Ipinakikita sa Talahanayan 13 na karamihan sa mga kalahok ay babae (82.2%), samantalang 17.8% lamang ang lalaki. Ipinakikita ng distribusyong ito na higit na malaki ang representasyon ng mga babaeng guro sa pag-aaral.

Talahanayan 14.
Propayl ng mga Kalahok Batay sa Posisyon

Posisyon	Frequency	Percent	Valid Percent	Cumulative Percent
SST I	23	51.1	51.1	51.1
SST II	4	8.9	8.9	60.0
SST III	16	35.6	35.6	95.6
MT I	2	4.4	4.4	100.0
Kabuuan	45	100.0	100.0	

Makikita sa Talahanayan 14 na higit sa kalahati ng mga kalahok ay nasa posisyong SST I (51.1%), sinundan ng SST III (35.6%), SST II (8.9%), at MT I (4.4%). Samakatuwid, SST I ang may pinakamalaking representasyon sa mga kalahok ng pag-aaral.

Talahanayan 15.
Propayl ng mga Kalahok Batay sa Distritong Kinabibilangan ng Paaralang Tinuturuan

Distrito	Frequency	Percent	Valid Percent	Cumulative Percent
Ubay 1	15	33.3	33.3	33.3
Ubay 2	15	33.3	33.3	66.7
Ubay 3	15	33.3	33.3	100.0
Kabuuan	45	100.0	100.0	

Ipinakikita sa Talahanayan 15 na pantay ang distribusyon ng mga kalahok sa tatlong distrito, kung saan ang Ubay 1, Ubay 2, at Ubay 3 ay may tig-15 kalahok o 33.3%. Ipinahihiwatig nito na pantay ang representasyon ng tatlong distrito sa pag-aaral.

Talahanayan 16.

Propayl ng mga Kalahok Batay sa Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino	Frequency	Percent	Valid Percent	Cumulative Percent
3–5 na taon	13	28.9	28.9	28.9
6–8 na taon	25	55.6	55.6	84.4
9–11 na taon	2	4.4	4.4	88.9
12 na taon at pataas	5	11.1	11.1	100.0
Kabuuan	45	100.0	100.0	

Ipinakikita sa Talahanayan 16 na karamihan sa mga kalahok ay may 6–8 taong karanasan sa pagtuturo ng Filipino (55.6%), sinundan ng 3–5 taon (28.9%), 12 taon at pataas (11.1%), at 9–11 taon (4.4%). Ipinahihwatig nito na higit sa kalahati ng mga kalahok ay may anim hanggang walong taong karanasan sa pagtuturo ng Filipino.

Talahanayan 17.

Propayl ng mga Kalahok Batay sa Baitang na Tinuturuan

		Frequency	Percent	Valid Percent	Cumulative Percent
Valid	Baitang 7	3	6.7	6.7	6.7
	Baitang 8	7	15.6	15.6	22.2
	Baitang 9	12	26.7	26.7	48.9
	Baitang 10	9	20.0	20.0	68.9
	Baitang 11	9	20.0	20.0	88.9
	Baitang 12	5	11.1	11.1	100.0
	Kabuuan	45	100.0	100.0	

Makikita sa Talahanayan 17 na pinakamalaking bahagi ng mga kalahok ang nagtuturo sa Baitang 9 (26.7%), sinundan ng Baitang 10 at Baitang 11 na kapwa may 20.0%, Baitang 8 (15.6%), Baitang 12 (11.1%), at Baitang 7 (6.7%). Ipinakikita ng resulta na may representasyon mula sa lahat ng baitang mula Baitang 7 hanggang Baitang 12, na may pinakamalaking bahagi mula sa Baitang 9.

Talahanayan 18.

Propayl ng mga Kalahok Batay sa Pinakamataas na Antas ng Edukasyong Natapos

		Frequency	Percent	Valid Percent	Cumulative Percent
Valid	Nakatapos ng MAT-FILIPINO	2	4.4	4.4	4.4
	Nakakuha ng yunits sa MAT-FILIPINO	20	44.4	44.4	48.9
	Nakatapos ng BSSED-FILIPINO	22	48.9	48.9	97.8
	Nakakuha ng yunits sa BSSED-FILIPINO	1	2.2	2.2	100.0
	Kabuuan	45	100.0	100.0	

Ipinakikita sa Talahanayan 18 na pinakamalaking bahagi ng mga kalahok ay nakatapos ng BSED-FILIPINO (48.9%), na malapit na sinundan ng mga nakakuha ng yunits sa MAT-FILIPINO (44.4%). Samantala, 4.4% ang nakatapos ng MAT-FILIPINO at 2.2% ang nakakuha ng yunits sa BSED-FILIPINO. Ipinakikita ng distribusyon na halos kalahati ng mga kalahok ay nakapagtapos ng BSED-FILIPINO, habang malaking bahagi rin ang nakapagpatuloy ng pag-aaral sa antas ng masterado.

Talahanayan 19. Antas ng Pagtanggap sa Pormalistikong Pagsusuri

Pormalistiko	Mean	Std. Deviation	Interpretation	Rank
Ang pagsusuri ay komprehensibo o pinagbigyan ng pokus ang bawat aspeto na nararapat suriin.	3.8222	.38665	Lubos na Katanggap-tanggap	2.5
Nabigyan ng angkop na pagpapakahulugan ang teknikal na aspeto ng spoke word poetry sa kabuuang mensahe nito.	3.7333	.44721	Lubos na Katanggap-tanggap	7
Malinaw ang pagbibigay interpretasyon sa persona sa bawat piyesa.	3.8444	.36653	Lubos na Katanggap-tanggap	1
Ang pagsusuri ay nagpapakita sa angkop na persona o katauhan na nangingibabaw sa mga sinuring spoken word poetry.	3.7333	.44721	Lubos na Katanggap-tanggap	7
Masinsinan ang pagpapaliwanag sa mga simbolismo at metapora na nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa mensahe nito	3.8222	.38665	Lubos na Katanggap-tanggap	2.5
Maayos ang pagsama-sama ng mga salita at pahayag na nagbibigay ng masining at karagdagang lalim sa akda.	3.7333	.44721	Lubos na Katanggap-tanggap	7
Nabibigyang-diin ang mga detalyeng kultural at historial sa malalim na pag-unawa ng tagpuan sa piyesa.	3.6889	.46818	Lubos na Katanggap-tanggap	9
Masinop ang pagpapahayag at pagbibigay paliwanag sa estruktura ng tula	3.8000	.40452	Lubos na Katanggap-tanggap	4
Nabibigyang-diin at halaga ang mga temang panlipunan batay sa naging pagsusuri.	3.7778	.42044	Lubos na Katanggap-tanggap	5
Composite Mean	3.7728	.24036	Lubos na Katanggap-tanggap	

Leyenda: 3.26–4.00 – Lubos na Katanggap-tanggap; 2.51–3.25 – Katanggap-tanggap; 1.76–2.50 – Hindi Katanggap-tanggap; 1.00–1.75 – Lubos na Hindi Katanggap-tanggap.

Ipinakikita sa Talahanayan 19 na ang pormalistikong pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni Carlo Bonn Hornilla ay lubos na katanggap-tanggap, na may composite mean na 3.7728. Pinakamataas ang *“Malinaw ang pagbibigay interpretasyon sa persona sa bawat piyesa”* (M = 3.8444), habang pinakamababa ang *“Nabibigyang-diin ang mga detalyeng kultural at historikal sa malalim na pag-unawa ng tagpuan sa piyesa”* (M = 3.6889). Bagama’t may pagkakaiba sa mga mean, lahat ng aytem ay nasa antas na lubos na katanggap-tanggap, na nagpapakita ng mataas na pagtanggap ng mga kalahok sa pormalistikong

Talahanayan 20.
Antas ng Pagtanggap sa Sikolohikal na Pagsusuri

Pormalistiko	Mean	Std. Deviation	Interpretation	Rank
Maayos at malinaw na naipapakita ang lalim ng saloobin ng may-akda sa kanyang mga pinili at ginagawa sa buhay.	3.8444	.36653	Lubos na Katanggap-tanggap	2
Organisado ang paraan ng pagpapahayag ng makata sa mga suliraning sikolohikal o mga pagsubok sa kaisipan.	3.8000	.40452	Lubos na Katanggap-tanggap	5
Epektibong nailalarawan ng pagsusuri sa piyesa ang proseso ng personal na paglago o pagbangon mula sa mga pinagdadaanan ng makata.	3.6667	.47673	Lubos na Katanggap-tanggap	9
Malinaw na naipapakita ang intensyon at layunin ng makata.	3.8222	.38665	Lubos na Katanggap-tanggap	3.5
Ipinakita ang mga nagtatampok ng mga emosyon ng takot, ligaya, galit, at iba pang emosyonal na aspeto ng tao.	3.8222	.38665	Lubos na Katanggap-tanggap	3.5
Masusing paglalarawan sa emosyon at damdamin ng makata.	3.6889	.51444	Lubos na Katanggap-tanggap	7
Epektibong naihayag ng pagsusuri ang mga pag-iisip at pananaw ng may-akda.	3.7111	.50553	Lubos na Katanggap-tanggap	6
May kakayahang pumukaw ng emosyon sa mga tagapakinig batay sa inilahad ng makata.	3.8667	.40452	Lubos na Katanggap-tanggap	1
Masinsinang nabibigyang kahulugan at pagpapalalim ang emosyon tulad ng pag-ibig, kalungkutan o pag-asa.	3.6889	.51444	Lubos na Katanggap-tanggap	7
Composite Mean	3.7679	.28802	Lubos na Katanggap-tanggap	

Leyenda: 3.26–4.00 – Lubos na Katanggap-tanggap; 2.51–3.25 – Katanggap-tanggap; 1.76–2.50 – Hindi Katanggap-tanggap; 1.00–1.75 – Lubos na Hindi Katanggap-tanggap.

Ipinakikita sa Talahanayan 20 na ang sikolohikal na pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni Carlo Bonn Hornilla ay lubos na katanggap-tanggap, na may composite mean na 3.7679. Pinakamataas ang kakayahang pumukaw ng emosyon sa mga tagapakinig ($M = 3.8667$), sinundan ng malinaw na pagpapakita ng lalim ng saloobin ng may-akda ($M = 3.8444$). Pinakamababa naman ang paglalarawan sa proseso ng personal na paglago o pagbangon ($M = 3.6667$). Gayunpaman, lahat ng aytem ay nasa antas na lubos na katanggap-tanggap, na nagpapakita ng mataas na pagtanggap ng mga kalahok sa sikolohikal na pagsusuri.

Talaanayan 21

Antas ng Pagtanggap sa Sosyolohikal na Pagsusuri

Pormalistiko	Mean	Std. Deviation	Interpretation	Rank
Kinakikitaan sa pagsusuri ang mga isyung panlipunan na mahalaga sa kasalukuyan.	3.7556	.43461	Lubos na Katanggap-tanggap	9
Epektibong naipapakita ng pagsusuri ang mga pananaw ng lipunan sa iba't ibang usapin.	3.8667	.34378	Lubos na Katanggap-tanggap	2
Ang mga kathang naisuri ay nagpapakita na may kakayahang maging boses ng marginalized o di naririnig sa lipunan.	3.8000	.45726	Lubos na Katanggap-tanggap	7
Nagbibigay ang spoken poetry ng mas malalim na pag-unawa sa mga usaping panlipunan sa pamamagitan ng malikhaing pagpapahayag	3.8222	.44153	Lubos na Katanggap-tanggap	5
Maayos na naipapakita ang malalim na koneksyon ng mga akda sa isyung panlipunan at kultural na kinahaharap ng lipunang Pilipino.	3.7778	.47140	Lubos na Katanggap-tanggap	8
Nakikibahagi ang spoken poetry na sinuri sa mga adbokasiya para sa pagbabago sa lipunan.	3.8222	.44153	Lubos na Katanggap-tanggap	5
Epektibong naipapakita ng naging pagsusuri ang mga epekto ng makabagong teknolohiya at modernisasyon sa kaugalian ng tao.	3.8222	.38665	Lubos na Katanggap-tanggap	5
Madaling naipapaliwanag ang pagsasalaysay ng mga personal na karanasan na sumasalamin sa malawak na konteksto ng hamon sa lipunan.	3.8667	.34378	Lubos na Katanggap-tanggap	2
Nabibigyan ng angkop na pagpapaliwanag at pansin ang espasyo sa mga minoryang grupo upang maipahayag ang kanilang mga pananaw at opinyon.	3.8667	.40452	Lubos na Katanggap-tanggap	2
Composite Mean	3.8222	.28565	Lubos na Katanggap-tanggap	

Leyenda: 3.26–4.00 – Lubos na Katanggap-tanggap; 2.51–3.25 – Katanggap-tanggap; 1.76–2.50 – Hindi Katanggap-tanggap; 1.00–1.75 – Lubos na Hindi Katanggap-tanggap.

Ipinakikita sa Talaanayan 21 na ang sosyolohikal na pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni Carlo Bonn Hornilla ay lubos na katanggap-tanggap, na may composite mean na 3.8222. Pinakamataas ang tatlong aspekto: ang pagpapakita ng pananaw ng lipunan sa iba't ibang usapin, ang pag-uugnay ng personal na karanasan sa mas malawak na hamong panlipunan, at ang pagbibigay-pansin sa mga minoryang grupo ($M = 3.8667$). Pinakamababa naman ang pagtukoy sa mahahalagang kasalukuyang isyung panlipunan ($M = 3.7556$). Gayunpaman, lahat ng aytem ay nasa antas na lubos na katanggap-tanggap, na nagpapakita ng mataas na pagtanggap ng mga kalahok sa sosyolohikal na pagsusuri.

Talahanayan 22

Kabuuang Antas ng Pagtanggap sa Pamaksang Pagsusuri sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Carlo Bonn Hornilla

Domains	CM	Interpretasyon	Rank
Pormalistiko	3.7728	Lubos na Katanggap-tanggap	2
Sikolohikal	3.7679	Lubos na Katanggap-tanggap	3
Sosyolohikal	3.8222	Lubos na Katanggap-tanggap	1
Overall Composite Mean	3.7877	Lubos na Katanggap-tanggap	

Leyenda: 3.26–4.00 – Lubos na Katanggap-tanggap; 2.51–3.25 – Katanggap-tanggap; 1.76–2.50 – Hindi Katanggap-tanggap; 1.00–1.75 – Lubos na Hindi Katanggap-tanggap.

Ipinakikita sa Talahanayan 22 na ang kabuuang pamaksang pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni Carlo Bonn Hornilla ay lubos na katanggap-tanggap, na may kabuuang composite mean na 3.7877. Sa tatlong dimensyon, pinakamataas ang sosyolohikal na pagsusuri (CM = 3.8222), sinundan ng pormalistiko (CM = 3.7728), habang pinakamababa ang sikolohikal (CM = 3.7679). Gayunpaman, ang lahat ng dimensyon ay nasa antas na lubos na katanggap-tanggap, na nagpapakita ng mataas at magkakatulad na pagtanggap ng mga kalahok sa tatlong pamamaraang ginamit sa pagsusuri.

Talahanayan 23.

Antas ng Pagtanggap sa Pagsusuri sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Carlo Bonn Hornilla *

Count		Gulang				Total
		20-25 yrs. old	26-31 yrs. old	32-37 yrs. old	38 yrs. old and above	
Antas ng Pagtanggap sa Pagsusuri sa mga Piling Spoken Word	Katanggap-tanggap	0	0	1	1	2
	Lubos na Katanggap-tanggap	1	25	11	6	43
Total		1	25	12	7	45

Ranks		Test Statistics ^{a,b}	
Gulang	N	Mean Rank	Overall Composite Mean(Antas ng Pagtanggap sa Pagsusuri)
Overall	20-25 yrs. old	1	5.00
Composite Mean	26-31 yrs. Old	25	26.68
(Antas ng Pagtanggap sa Pagsusuri)	32-37 yrs. Old	12	18.92
	38 yrs. old and above	7	19.43
Total		45	
		Chi-Square	5.619
		df	3
		Asymp. Sig.	.132

a. Kruskal Wallis Test

b. Grouping Variable: Gulang

Result: INSIGNIFICANT DECISION: FAILED TO REJECT Ho

Ang resulta ng Kruskal-Wallis test na may Chi-Square na 5.619 at p-value na .132 (mas mataas sa karaniwang 0.05) ay nagpapahiwatig na walang estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap sa pagsusuri sa pagitan ng iba't

ibang grupo ng edad ("Gulang"). Ibig sabihin, batay sa datos, hindi natin masasabi na ang edad ay may malaking impluwensya sa kung gaan tinatanggap ang pagsusuri at ang anumang nakikitang pagkakaiba ay maaaring resulta lamang ng pagkakataon.

Talahanayan 24.
Antas ng Pagtanggap sa Pagsusuri sa mga Piling Spoken Poetry
ni Carlo Bonn Hornilla

*** Kasarian Crosstabulation**

		Kasarian		Total
		Lalaki	Babae	
Antas ng Pagtanggap sa Pagsusuri sa mga Piling Spoken Word	Katanggap-tanggap	1	1	2
	Lubos na Katanggap-tanggap	7	36	43
Total		8	37	45

Ranks				
Kasarian		N	Mean Rank	Sum of Ranks
Overall	Lalaki	8	14.31	114.50
Composite Mean	Babae	37	24.88	920.50
(Antas ng Pagtanggap)	Total	45		

Test Statistics ^a	
	Overall Composite Mean
Mann-Whitney U	78.500
Wilcoxon W	114.500
Z	-2.082
Asymp. Sig. (2-tailed)	.037
Exact Sig. [2*(1-tailed Sig.)]	.037 ^b

a. Grouping Variable: Kasarian

b. Not corrected for ties.

RESULT: SIGNIFICANT DECISION: REJECT Ho

Ang resulta ng Mann-Whitney U test ay nagpapakita ng isang estadistikong makabuluhang pagkakaiba ($p=.037$) sa overall composite mean sa pagitan ng dalawang grupo ng kasarian. Nangangahulugan ito na mayroong sapat na ebidensya upang suportahan ang konklusyon na ang kasarian ay may impluwensya sa average na halaga ng sinusukat na variable, kung saan ang isang grupo ng kasarian ay nagpapakita ng mas mataas o mas mababang average kumpara sa isa pa.

Talahanayan 25.
Antas ng Pagtanggap sa Pagsusur isa mga Piling Spoken Poetry
ni Carlo Bonn Hornilla

***Posisyon Crosstabulation**

Count		Posisyon				Total
		SSTI	SSTII	SSTIII	MT1	
Antas ng	Katanggap-	2	0	0	0	2
Pagtanggap sa	tanggap					
Pagsusuri sa	Lubos na	21	4	16	2	43
mga Piling	Katanggap-					
Spoken Word	tanggap					
Total		23	4	16	2	45

Ranks			Mean Rank
Posisyon		N	
Overall	SSTI	23	23.24
Composite	SSTII	4	17.50
Mean	SSTIII	16	24.19
	MT1	2	21.75
	Total	45	

Test Statistics ^{a,b}		Overall Composite Mean
Chi-Square		.874
df		3
Asymp. Sig.		.832
a. Kruskal Wallis Test		
b. Grouping Variable: Posisyon		
RESULT: IN SIGNIFICANT DECISION: FAILED TO REJECT Ho		

Ang resulta ng Kruskal-Wallis test na may Chi-Square na .874 at p-value na .832 (mas mataas sa karaniwang 0.05) ay nagpapakita na walang estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa overall composite mean sa pagitan ng iba't ibang grupo ng posisyon ("Posisyon"). Nangangahulugan lamang ito na walang sapat na ebidensya upang suportahan ang ideya na ang posisyon ng isang indibidwal ay may malaking epekto sa kanilang overall composite mean at ang anumang pagkakaiba na naobserbahan ay malamang na dahil lamang sa random na pagkakaiba.

Talahanayan 26.
Antas ng Pagtanggap sa Pagsusur isa mga Piling Spoken Poetry
ni Carlo Bonn Hornilla

***Distritong Kinabibilangan Crosstabulation**

Count		Distritong Kinabibilangan			Total
		UBAY 1	UBAY 2	UBAY 3	
Antas ng	Katanggap-	2	0	0	2
Pagtanggap sa	tanggap				
Pagsusuri sa	Lubos na	13	15	15	43
mga Piling	Katanggap-				
Spoken Word	tanggap				
Total		15	15	15	45

Ranks			
Distritong Kinabibilangan		N	Mean Rank
Overall Composite Mean	UBAY 1	15	23.13
	UBAY 2	15	21.50
	UBAY 3	15	24.37
	Total	45	

Test Statistics ^{a,b}		
	Overall Composite Mean	
Chi-Square		.366
df		2
Asymp. Sig.		.833
a. Kruskal Wallis Test		
b. Grouping Variable: Distritong Kinabibilangan		

RESULT:INSIGNIFICANT DECISION:
FAILED TO REJECT Ho

Ipinahihiwatig sa resulta ng Kruskal-Wallis test na may Chi-Square na .366 at p-value na .833 (mas mataas sa karaniwang 0.05) ang walang estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa overall composite mean sa pagitan ng iba't ibang distrito ("Distritong Kinabibilangan"). Nangangahulugan lamang ito, batay sa datos, walang sapat na ebidensya upang suportahan ang ideya na ang pinanggalingang distrito ng isang indibidwal ay may malaking epekto sa kanilang overall composite mean, at ang anumang pagkakaiba na naobserbahan ay malamang na resulta lamang ng random na pagkakaiba.

Talahanayan 27.

Antas ng Pagtanggap sa Pagsusur isa mga Piling Spoken Poetry ni Carlo Bonn Hornilla

*Bilang ng Taon sa Pagtuturo Crosstabulation

Count		Bilang ng Taon sa Pagtuturo				
		3-5 years	6-8 years	9-11 years	12 years and pataas	Total
Antas ng	Katanggap-	1	0	1	0	2
Pagtanggap sa	tanggap					
Pagsusuri sa	Lubos na	12	25	1	5	43
mga Piling	Katanggap-					
Spoken Word	tanggap					
Total		13	25	2	5	45

Ranks		
Bilang ng Taon sa Pagtuturo	N	Mean Rank
Overall 3-5 years	13	25.85
Composite 6-8 years	25	21.72
Mean 9-11 years	2	15.25
12 years and pataas	5	25.10
Total	45	

Test Statistics ^{a,b}		
	Overall Composite Mean	
Chi-Square		1.703
df		3
Asymp. Sig.		.636
a. Kruskal Wallis Test		
b. Grouping Variable: Bilang ng Taon sa Pagtuturo		

Ang resulta ng Kruskal-Wallis test na may Chi-Square na 1.703 at p-value na .636 (mas mataas sa karaniwang 0.05) ay nagpapahiwatig na walang estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa overall composite mean sa pagitan ng iba't ibang bilang ng taon sa pagtuturo ("Bilang ng Taon sa Pagtuturo"). Ibig sabihin, walang sapat na ebidensya upang suportahan ang ideya na ang tagal ng panahon ng pagtuturo ng isang indibidwal ay may malaking epekto sa kanilang overall composite mean sa antas ng pagtanggap ng mga kalahok sa naging pagsusuri.

Talaanayan 28. Antas ng Pagtanggap sa Pagsusuri sa mga Piling Spoken Poetry ni Carlo Bonn Hornilla

*Baitang na Tinuturuan Crosstabulation

Count		Baitang na Tinuturuan						Total
		Baitang 7	Baitang 8	Baitang 9	Baitang 10	Baitang 11	Baitang 12	
Antas ng	Katanggap-	0	0	1	1	0	0	2
Pagtanggap sa	tanggap							
Pagsusuri sa	Lubos na	3	7	11	8	9	5	43
mga Piling	Katanggap-							
Spoken Word	tanggap							
Total		3	7					

Ranks		N	Mean Rank
Overall	Baitang 7	3	21.00
Composite	Baitang 8	7	25.64
Mean	Baitang 9	12	20.63
	Baitang 10	9	26.56
	Baitang 11	9	19.56
	Baitang 12	5	26.00
	Total	45	

Test Statistics ^{a,b}		Overall Composite Mean
Chi-Square		2.326
df		5
Asymp. Sig.		.802

a. Kruskal Wallis Test

b. Grouping Variable: Baitang na Tinuturuan

RESULT: INSIGNIFICANT DECISION: FAILED TO REJECT Ho

Ipinapakita sa naturang talaanayan ang resulta ng Kruskal-Wallis test na may Chi-Square na 2.326 at p-value na .802 (mas mataas sa karaniwang 0.05) ang walang makabuluhang pagkakaiba sa overall composite mean ng antas ng pagtanggap ng mga kalahok sa pagitan ng iba't ibang baitang na tinuturuan na kabilang sa propayl. Nagpapahiwatig lamang ito na batay sa datos na ibinigay, walang sapat na ebidensya upang suportahan ang ideya na ang baitang na itinatuturo ng isang indibidwal ay may malaking epekto sa kanilang overall composite mean.

Talahanayan 29. Antas ng Pagtanggap sa Pagsusuri sa mga Piling Spoken Poetry ni Carlo Bonn Hornilla

*Antas ng Edukasyon Crosstabulation

Count		Antas ng Edukasyon				Total
		Nakatapos ng MAT-FILIPINO	Nakakuha ng yunits sa MAT-FILIPINO	Nakatapos ng BSED-FILIPINO	Nakakuha ng yunits sa BSED-FILIPINO	
Antas ng Pagtanggap sa Pagsusuri sa mga Piling Spoken Word	Katanggap-tanggap	0	0	2	0	2
	Lubos na Katanggap-tanggap	2	20	20	1	43
Total		2	20	22	1	45

Ranks		N	Mean Rank
Overall Composite Mean	Nakatapos ng MAT-FILIPINO	2	30.75
	Nakakuha ng yunits sa MAT-FILIPINO	20	24.00
	Nakatapos ng BSED-FILIPINO	22	20.59
	Nakakuha ng yunits sa BSED-FILIPINO	1	40.50
	Total	45	

Test Statistics ^{a,b}	
	Overall Composite Mean
Chi-Square	3.388
df	3
Asymp. Sig.	.336

a. Kruskal Wallis Test
b. Grouping Variable: Antas ng Edukasyon

RESULT: INSIGNIFICANT DECISION: FAILED TO REJECT H₀

Batay sa resulta ng Kruskal-Wallis test, walang nakitang makabuluhang pagkakaiba sa average na overall composite mean sa iba't ibang antas ng edukasyon. Ipinapahiwatig nito na ang antas ng pinag-aralan ay malamang na hindi isang mahalagang salik sa pagtukoy ng overall composite mean sa iyong datos.

Kwalitatibong Sangay

Pananaw sa Ginawang Pagsusuri sa mga Piling *Spoken Word Poetry* ni Carlo Bonn Hornilla

Mula sa pagsusuri ng mga pananaw ng mga kalahok, lumitaw ang limang pangunahing tema: (1) pagsusuri sa mga elemento ng spoken word poetry, (2) pagpapahalagang moral, (3) pormalistikong pagsusuri, (4) damdamin, isipan, at saloobin, at (5) ugnayan ng tao at lipunan.

Unang Tema: Pagsusuri sa mga Elemento ng Spoken Word Poetry. Ipinakita ng mga kalahok na mahalagang bahagi ng pagsusuri ang paksa, persona, tagpuan, at

simbolismo. Ang mga paksa ay umiinog sa mga suliraning panlipunan at personal na karanasan tulad ng pag-ibig, kabiguan, at realidad ng buhay. Lumitaw din ang iba't ibang persona na nagpapahayag ng galit, sakit, pag-asa, at pagninilay. Ang tagpuan ay hindi lamang tumutukoy sa pisikal na lugar kundi nagsisilbi ring emosyonal at simbolikong espasyo, samantalang ang mga simbolo ay nagpapalalim sa kahulugan ng mga akda. Pinagtibay ito ng mga pahayag ng mga kalahok hinggil sa "suliraning panlipunan" (K1), paggamit ng "ulan, ilaw, gabi, alon" bilang mga simbolo (K9), at "kakayahang pukawin ang damdamin" (K10).

Ikalawang Tema: Pagpapahalagang Moral. Lumitaw sa mga pananaw ng mga kalahok ang pagpapahalaga sa pagkilala sa tama at mali, pagtanggap sa realidad, at pagsusuri sa mga kaugaliang umiiral sa lipunan. Ipinakita ng mga akda ang mga sitwasyong humihikayat sa tagapakinig na magnilay sa moralidad at sa impluwensiya ng lipunan sa mga pagpapasya ng tao. Makikita ito sa pahayag tungkol sa "mga moral na gawain at paghahambing nito sa mga immoral na gawain" at "pagtanggap sa reyalidad" (K1).

Ikatlong Tema: Pormalistikong Pagsusuri. Binigyang-diin ng mga kalahok ang estruktura, estilo, tayutay, at malikhaing paggamit ng wika bilang mahahalagang sangkap sa pagsusuri. Lumitaw na ang malayang daloy ng ideya at masining na paglalarawan ay nakatutulong sa malinaw at mabisang pagpapahayag ng mensahe. Gaya ng binanggit ng isang kalahok, isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng pagtukoy sa "mga pampanitikang elemento tulad ng estruktura, tayutay, at estilo ng pagsulat" (K10).

Ikaapat na Tema: Damdamin, Isipan, at Saloobin. Ipinakita ng mga tugon na mahalagang katangian ng mga sinuring akda ang pagpapahayag ng masidhing damdamin at panloob na karanasan. Inilarawan ng mga kalahok ang persona bilang mapagtanong, mapagmuni-muni, at nakararanas ng pangungulila, lungkot, panghihinayang, at pag-asa. Binanggit ng isang kalahok na ang damdamin ay naipapahayag sa pamamagitan ng "matatalinghagang pananalita na nagpapakita ng matinding emosyon" (K10).

Ikalimang Tema: Ugnayan ng Tao at Lipunan. Lumitaw sa mga tugon ang malapit na ugnayan ng personal na karanasan at mga kalagayang panlipunan. Kabilang sa mga natukoy ang epekto ng social media sa relasyon, presyur ng lipunan, suliraning pangkaisipan, at kahirapan. Sa pananaw ng mga kalahok, ang mga akda ay nagsisilbing repleksyon ng mga karanasan at suliraning kinakaharap sa kasalukuyang lipunan. Gaya ng pahayag ng isang kalahok, "Ang mga akda ay nagpapakita ng repleksyon ng tunay na buhay sa kasalukuyang panahon" (K10).

Sa kabuuan, ipinakita ng limang tema na nakita ng mga kalahok ang mga piling *spoken word poetry* bilang mga akdang pinagsasanib ang mga elementong pampanitikan, pagpapahalagang moral, emosyonal na karanasan, at mga usaping panlipunan. Ang mga kwalitatibong resulta ay nagpapakita na ang pagsusuri ay hindi lamang nakatuon sa anyo at nilalaman ng mga akda kundi maging sa kanilang pagpapahayag ng karanasan ng tao at ugnayan nito sa lipunang ginagalawan.

Talahanayan 30. Pinagsamang Pagpapakita ng Antas ng Pagtanggap at Pananaw ng mga Kalahok sa Pamaksang Pagsusuri

Pamaksang Pagsusuri	Kwantitatibong Resulta	Kwalitatibong Resulta	Pinagsamang Interpretasyon
Pormalistiko	CM = 3.7728 (Lubos na Katanggap-tanggap). Pinakamataas ang malinaw na interpretasyon sa persona, samantalang pinakamababa ang pagbibigay-diin sa mga detalyeng kultural at historikal ng tagpuan.	Binigyang-diin ng mga kalahok ang masining na paggamit ng wika, paksa, persona, tagpuan, simbolismo, at iba pang elementong nagpapalalim sa mensahe ng mga akda.	Nagtutugma ang dalawang resulta sa pagpapakita na mataas ang pagtanggap sa pormalistikong pagsusuri at kinikilala ng mga kalahok ang kahalagahan ng mga elementong pampanitikan sa pag-unawa sa mga akda.
Sikolohikal	CM = 3.7679 (Lubos na Katanggap-tanggap). Pinakamataas ang kakayahang pumukaw ng emosyon, samantalang pinakamababa ang paglalarawan sa proseso ng personal na paglago o pagbangon.	Lumitaw ang malalim na damdamin, isipan, at saloobin, kabilang ang lungkot, pangungulila, panghihinayang, pagninilay, at pag-asa.	Nagkakatatugma ang mga resulta sa pagpapakita na mahalagang katangian ng mga akda ang kakayahang magpahayag at pumukaw ng emosyon at maglarawan ng panloob na karanasan.
Sosyolohikal	CM = 3.8222 (Lubos na Katanggap-tanggap). Pinakamataas ang pagpapakita ng pananaw ng lipunan sa iba't ibang usapin, samantalang pinakamababa ang pagtukoy sa mahahalagang kasalukuyang isyung panlipunan.	Lumitaw ang mga usaping panlipunan tulad ng epekto ng social media, presyur ng lipunan, suliraning pangkaisipan, kahirapan, at iba pang realidad ng buhay.	Nagtutugma ang dalawang resulta sa pagkilala sa mga akda bilang daluyan ng mga pananaw, karanasan, at suliraning panlipunan at bilang repleksyon ng kasalukuyang lipunan.

Sa mga naging pahayag ng mga kalahok, ang ginawang pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni Carlo Bonn Hornilla ay nagpapakita ng pagkilala sa malikhaing paggamit ng wika at pagiging totoo sa realidad ng mga akda, kung saan ang mga paksa ay madalas na malalim, mapanuri, at tumatalakay sa mga suliraning panlipunan, personal na pagkabigo, at maging ang impluwensya ng droga at social media. Nakita rin ang malayang daloy ng ideya, masining na paglalarawan, at matatalinghagang pananalita na nagpapahayag ng matinding emosyon at nagpapakita ng repleksyon ng tunay na buhay sa kasalukuyang panahon, kabilang ang epekto ng social media sa relasyon, mental health dahil sa pressure, at ang epekto ng kahirapan sa mga pangarap.

DISCUSSION

Tinatalakay sa kabanatang ito ang mga natuklasan, kongklusyon, at rekomendasyon ng mananaliksik bilang kabuuan, resulta ng pamaksang pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni Carlo Bonn Hornilla. Ang mga natuklasan ang tumutugon sa pananaliksik samantalang patutunayan ng mananaliksik ang pinagbabatayan ng pag-aaral na isinasagawa sa pamamagitan ng kongklusyon. Makikita naman sa rekomendasyon ang mga karagdagang suhestiyon para sa susunod na mananaliksik para sa ikauunlad ng pananaliksik sa isasagawa

Findings

1. **Propayl ng mga Kalahok.** Karamihan sa 45 kalahok ay nasa edad 26–31, babae, at nasa posisyong SST I. Pantay ang bilang ng mga kalahok mula sa tatlong distrito ng Ubay. Karamihan ay may 6–8 taong karanasan sa pagtuturo ng Filipino, nagtuturo sa Baitang 9, at nakapagtapos ng BSED-Filipino, habang malaking bahagi rin ang nakakuha ng mga yunit sa MAT-Filipino.
2. **Pamaksang Pagsusuri.** Sa pormalistikong pagsusuri, lumitaw ang iba't ibang paksa, persona, tagpuan, at simbolismo na tumatalakay sa personal at panlipunang karanasan. Sa sikolohikal na pagsusuri, natukoy ang mga paniniwala at pagpapahalagang moral tulad ng pagmamahal, pamilya, karapatang pantao, katarungan, pagpapatawad, pagkakapantay-pantay, at pagkakaisa. Sa sosyolohikal na pagsusuri, lumitaw ang mga usapin hinggil sa obsesyon, kawalan ng hustisya, karapatan ng mga katutubo, pagbabago ng teknolohiya, kahirapan, katiwalian, at pananagutang panlipunan.
3. **Antas ng Pagtanggap.** Ang kabuuang pamaksang pagsusuri ay lubos na katanggap-tanggap (CM = 3.7877). Pinakamataas ang sosyolohikal na pagsusuri (CM = 3.8222), sinundan ng pormalistiko (CM = 3.7728) at sikolohikal (CM = 3.7679), na pawang nasa antas na lubos na katanggap-tanggap.
4. **Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap.** Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap batay sa edad, posisyon, bilang ng taon sa pagtuturo, baitang na tinuturuan, at pinakamataas na antas ng edukasyong natapos. Gayunpaman, may makabuluhang pagkakaiba batay sa kasarian.
5. **Pananaw ng mga Kalahok.** Sa kwalitatibong pagsusuri, lumitaw ang limang pangunahing tema: pagsusuri sa mga elemento ng spoken word poetry, pagpapahalagang moral, pormalistikong pagsusuri, damdamin, isipan at saloobin, at ugnayan ng tao at lipunan. Ipinakita ng mga pananaw na kinikilala ng mga kalahok ang malikhaing paggamit ng wika, emosyonal na nilalaman, at paglalarawan ng mga realidad at suliraning panlipunan sa mga piling *spoken word poetry* ni Carlo Bonn Hornilla.

Conclusions

Batay sa natuklasan ay nabuo ang paglalahat na sa pag-aaral na ito ay ipinakita ang pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni Carlo Bonn Hornilla gamit ang pormalistiko, sikolohikal at sosyolohikal na kung saan ito ay lubos na tinanggap ng mga gurong Filipino. Ang pagtanggap na ito ay nagpapahiwatig ng pagkilala sa kahalagahan at bisa ng ganitong uri ng pagsusuri sa pag-unawa sa lalim at kahulugan ng mga akda kung saan tinatampok ang masining na paggamit ng wika, ang mga personal at moral na paniniwala na nakapaloob sa mga ito at ang paglalarawan ng mga katotohanang panlipunan. Bagama't walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap batay

sa karamihan ng propayl ng mga kalahok, ang natukoy na pagkakaiba sa pagitan ng kasarian ay nagmumungkahi na ang perspektiba ng kasarian ay maaaring makaapekto sa pagpapahalaga sa ganitong uri ng pagsusuri. Sa kabuuan, ang positibong pagtanggap ay nagpapatibay sa potensyal ng spoken word poetry bilang isang makabuluhang materyal sa pagtuturo at pag-aaral ng Filipino, na nag-uugnay sa personal na karanasan, artistikong pagpapahayag, at kamalayang panlipunan.

Recommendations

Batay sa kabuuang kinalabasan ng pag-aaral na ito, itinatagubilin ng kasalukuyang mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Hinihikayat ang mga paaralan at mga gumagawa ng kurikulum sa integrasyon ng mga lokal at kontemporaryong akdang tulad ng kay Hornilla sa kurikulum upang mapayabong ang kritikal na pag-iisip, pagpapahalaga sa kultura, at malikhaing pagpapahayag ng mga mag-aaral.
2. Dapat gamitin ng mga tagapamahala sa paaralan at kasamahang guro lalong-lalo na ang nagtuturo sa asignaturang Filipino ang mungkahing gabay ng pagtuturo ng mananaliksik sa pagsusuri ng mga spoken word poetry upang magkaroon sila ng gabay sa kanilang pagtuturo.
3. Gawing lunsaran ang paggamit ng pamaksang pagsusuri bilang modelo sa mga guro sa pagtuturo ng kritikal na pag-aanalisa ng iba't ibang anyo ng panitikan.
4. Iminumungkahi na magkaroon ng lingkurang pagsasanay ang mga guro tungkol sa kasanayan sa panunuring pampanitikan upang lalo pang malinang o mahasa ang kanilang kasanayan sa iba't ibang dulong ng pagsusuri at pagpapahalaga sa mga spoken word poetry at sa lahat ng anyo ng panitikan.

Ang Mungkahing Gabay ng Pagtuturo sa Pagsusuri ng mga Spoken Word Poetry

Rasyonale

Ang mungkahing gabay sa pagtuturo na ito ay isang mahalagang kasangkapan sa paglinang ng holistikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikadalawampu't isang siglo. Higit pa sa paghahatid ng kaalaman, layunin nitong hubugin ang mahahalagang kompetensi tulad ng kritikal na pag-iisip at paglutas ng suliranin sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa mga napapaloob na konteksto ng spoken word poetry. Binibigyang-diin nito ang malikhaing pag-iisip at inobasyon sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makalikha ng sariling interpretasyon at pagpapahalaga sa sining na ito. Ang pagtuturo ng spoken word poetry, bilang isang napapanahong anyo ng panitikan at kulturang popularay naglalayong iugnay ang pag-aaral sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral na nagtataguyod ng pakikipagtalastasan at kolaborasyon sa pamamagitan ng mga talakayan at gawaing pangkatan. Bukod dito, hinahasa nito ang literasiya sa impormasyon, midya, at teknolohiya sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang plataporma sa pagbabahagi at pagsusuri ng mga piyesa.

Direkta itong umaayon sa *Revised Philippine Professional Standards for Teachers (RPMS)*, partikular sa mga domain na may kinalaman sa *Content Knowledge and Pedagogy (Domain 1)* sa pamamagitan ng pagpapakita ng malalim na pag-unawa sa panitikan at paggamit ng inobatibong pamamaraan sa pagtuturo. Nakatutulong din ito sa *Learning Environment (Domain 3)* sa pamamagitan ng paglikha ng isang inklusibo at nakakaengganyong kapaligiran kung saan malayang naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga ideya. Higit pa rito, sinusuportahan nito ang *Curriculum and Planning (Domain 4)* sa pamamagitan ng pagbibigay ng gabay sa pagpapalano ng mga aralin at gawain na makabuluhan at nakabatay sa konteksto ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang gabay na ito ay isang mahalagang instrumento sa pagpapataas ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng panitikan sa pamamagitan ng pag-angkop sa mga pangangailangan ng ikadalawampu't isang siglo at mga pamantayan ng RPMS.

ACTION PLAN O TOOLKIT SA PAGTUTURO NG PANITIKAN GAMIT ANG MGA PILING SPOKEN WORD POETRY NI CARLO BONN HORNILLA

Pangkalahatang Layunin:

- Makatulong sa mga guro sa epektibong paggamit ng spoken word poetry bilang kasangkapan sa pagtuturo ng panitikan.
- Maitaguyod ang kritikal na pag-iisip, malikhaing pagpapahayag, at pagpapahalaga sa kultura at lipunan sa pamamagitan ng panitikan.
- Magbigay ng organisado at sistematikong paraan ng pagtuturo sa iba't ibang antas o lebel ng edukasyon.

Bahagi	Layunin	Pangkalahatang Pamamaraan	Adaptasyon sa Elementarya	Adaptasyon sa Junior High	Adaptasyon sa Senior High	Adaptasyon sa Kolehiyo	Mga Kagamitan o materyales	Pagtataya
a. Template ng Pang-araw-araw na Gabay sa Pagtuturo (DLL)	Magbigay ng istruktura para sa pagpapalano ng aralin	Sundin ang template para sa pagbuo ng aralin sa panitikan.	Gamitin ang template na may simpleng layunin at gawain. Fokus sa simpleng pag-unawa sa tula, pagkilala sa mga pangunahing tauhan/ideya, at malikhaing pagguhit o pagkukurwento batay sa tula.	Idagdag ang mas detalyadong pagsusuri at gawain ng kolaboratibo. Pagsusuri ng mga elemento ng tula (layunin, simbolismo), pag-uugnay sa sariling karanasan, at paglikha ng mas simpleng spoken word.	Isama ang kritikal na pagsusuri at malikhaing pagpapahayag. Mas malalim na pagsusuri gamit ang iba't ibang dulog, paglalakay sa mga isyung panlipunan/kultural, at mas kompleks na paglikha at pagtatanghal.	Maglaan ng espasyo para sa malalim na pananaliksik at teoretikal na aplikasyon. Kritikal na pagsusuri sa kontekstong historikal/teoretikal, pag-uugnay sa iba pang aryo ng sining, at pagbuo ng orihinal na pananaliksik batay sa panitikan.	Template ng DLL, kopya ng tula, visual aids	Pagsunod sa template, pagiging angkop ng gawain sa antas
b. Mga Dulog sa Pagsusuri (Pormalistiko, Sosyolohikal, Sikolohikal)	Magbigay ng iba't ibang lente sa pag-unawa sa panitikan	Gamitin ang mga dulog upang sunin ang iba't ibang aspeto ng tula.	Pangunahing pagpapakilala sa konsepto ng "mga bagay na nakikita sa tula" (pormalistiko), "mga tao sa tula" (sosyolohikal), at "mga damdamin sa tula" (sikolohikal).	Sistematikong paggamit ng mga dulog sa pagsusuri	Malalim na pag-unawa at kritikal na aplikasyon ng mga dulog	Pagsasama-sama ng mga dulog at pag-uugnay sa mga teoryang pangpanitikan.	Mga teksto ng tula, graphic organizer, mga tanong na gabay	Pag-unawa sa dulog, kalidad ng pagsusuri
c. Tri-Dulog Analysis (Jigsaw Method)	Itaguyod ang kolaborasyon at pagtutulungan	Hatlin ang klase sa mga grupo para pagsusuri gamit ang iba't ibang dulog, pagbabahagi.	Simpleng paghahati ng gawain sa mga grupo.	Pagsusuri ng iba't ibang elemento ng tula sa mga grupo	Detalyadong pagsusuri ng mga isyu sa panitikan, pagdebate.	Pagsasaliksik at presentasyon ng mga teorya sa mga grupo, sintesis.	Mga teksto ng tula, mga tanong na gabay, presentasyon tools	Partisipasyon, kalidad ng pagbabahagi, pag-unawa sa dulog

d. Pagtataya/Performans Assessment (Paglikha at Pagtatanghal ng Spoken Word)	Magamit ang nabutuhan sa malikhang paraan	Maglikha at magtatanghal ng spoken word na nakabatay sa mga napag-aralan	Paglikha ng simpleng tula/awit, pagbabahagi	Paglikha ng spoken word na may simpleng elemento ng tayutay at tumatalakay sa personal na isyu.	Paglikha ng kompleks na spoken word na may malalim na pagsusuri sa isyung panipunan/kultural, pagtatanghal na may emosyon at teknik.	Paglikha ng orihinal na spoken word na may kritikal na pananaw, propesyonal na pagtatanghal.	Rubric para sa paglikha at pagtatanghal, props (optional)	Nilalaman, pagkamtain, teknik sa pagtatanghal, epekto sa audience
Mga Gagawin para sa Implementasyon: 1. Pagsasanay ng mga Guro: Magbigay ng workshop sa mga guro tungkol sa paggamit ng toolkit, pag-aangkop ng mga pamamaraan sa iba't ibang antas, at pagtatasa ng spoken word performance. 2. Pagpili ng mga Teksto: Magkolekta ng mga spoken word poetry na angkop sa edad at interes ng mga mag-aaral sa bawat antas. 3. Pagbuo ng mga Karagdagang Materyales: Lumikha ng mga visual aids, worksheets, at iba pang kagamitan na susuporta sa pagtuturo. 4. Pagsubaybay at Ebalwasyon: Obserbahan ang paggamit ng toolkit sa mga klase, mangalap ng feedback mula sa mga guro at mag-aaral, at gumawa ng mga kinakailangang pagbabago. 5. Pagpapalaganap: Ibahagi ang toolkit sa iba pang mga paaralan at guro sa pamamagitan ng mga seminar, conference, o online platforms.								

REFERENCES

- Ballore, V. (2026). Integrasyon ng Numerasiya at Literasi sa Pagtuturo ng Tula. *DALUMAT: Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*, 1(2), 703-757.
- Camangian, P. (2008). Untempered tongues: Teaching performance poetry for social justice. *English Teaching: Practice and Critique*, 7(2), 35–55.
- Castillo, G. H. D., & Abagon, B. S. (n.d.). Antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, taong panuruan 2020–2021.
- Catigbe, S. D., Coral, G. B., Magno, J. M., & Viñas, J. V. (2024). Sipat-suri sa mga piling balak ni Armando M. Laude. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 4(12), 178–183.
- Daza, J. (2021). Kaantasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino tugon sa makabagong estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikan sa panahon ng pandemya.
- Dhillon, K. K., & Mogan, S. (2014). Language-based approaches to understanding literature: A creative activity module. *The English Teacher*, 43(2).
- Gorumba, J. (2019). Translation and analysis of Jesus Sanchez shorts stories. *International Journal of Research Studies in Education*, 8(4), 39–45.
- Hornilla, C. B. (2019, October 17). Exodus [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=O8Zw8jl1P_E
- Michalko, K. (2012). The effect of spoken word poetry on the development of voice in writing.
- North, G. (2008). What is spoken word poetry. The Nelson-Atkins Museum of Art.
- Robante, N., Reyes, D. A., & Libo-on, J. (2023). Maikling kwentong Hiligaynon: Isang pagsasalin at pagsusuring moralistiko at sosyolohikal. *Romblon State University Research Journal*, 5(1), 7–17.
- Torre, E. H. D., Jr. (2019). Pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni Juan Miguel Severo: Mungkahing disenyo ng aralin. *ACADEME*, 15.
- Walker, F. R., & Kuykendall, V. (2005). Manifestations of nommo in Def Poetry. *Journal of Black Studies*, 36(2), 229–247.

APA Citation:

Galorio, S. A. (2026). PAMAKSANG PAGSUSURI SA MGA PILING "SPOKEN WORD POETRY" NI CARLO BONN HORNILLA: MUNGKAHING GABAY NG PAGTUTURO. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 4(9), 1154–1183. <https://doi.org/10.5281/zenodo.22636122>

shielagalorio29@gmail.com